Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

# Paggamit ng mga Pamamaraan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat ng mga Mag-Aaral sa Mataas na Paaralang Pang Antas Senior sa Timog, Lungsod ng Batangas

Andrew Angelo M. Manalo [1], Esperanza B. Lusanta [1]
andrewangelo.manalo@deped.gov.ph

1 – Golden Gate Colleges

Publication Date: July 28, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.21645480**

**Abstract**

Layunin ng pag-aaral na suriin ang paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng pagsulat ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralang Pang-Antas Senior sa Timog, Lungsod ng Batangas sa Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ito ng deskriptibong disenyo at sariling-gawang talatanungan upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagsulat batay sa kasanayang pampag-iisip, pagbuo ng talata, paggamit ng wika at gramatika, kasanayan sa pormal at di-pormal na pagsulat, bisa ng mga pamamaraang pang-akademiko, at mga balakid na nararanasan. Kalahok sa pag-aaral ang tatlumpung (30) mag-aaral sa Baitang 11 na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, at sinuri ang datos gamit ang frequency count, porsyento, weighted mean, at ranking.

Ipinakita ng mga natuklasan na ang kabuuang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay nasa mataas na antas, lalo na sa wastong gramatika, balarila, at paggamit ng angkop na ideya at emosyon. Napatunayang epektibo ang pormal at di-pormal na pamamaraan sa pagpapahusay ng nilalaman, organisasyon ng kaisipan, paggamit ng wika, at paghubog ng kritikal na pag-iisip. Gayunpaman, may nananatiling hamon sa paggamit ng salita, pag-organisa ng ideya, at pagsisimula ng sulatin. Dahil dito, inirerekomenda ang pagpapatibay ng mga gawaing nakatuon sa pagpapalawak ng ideya, pagbuo ng talata, wastong paggamit ng wika at bantas, malayang pagsulat, repleksyon, at paggabay sa pagsisimula ng sulatin upang higit pang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

**Keywords:** *Akademikong pagsulat, Sustainable Development Goal, literasiya, Classroom Assessment Policy*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Introduction / Panimula**

Sa kasalukuyan, binibigyang-halaga ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas ang kasanayan sa pagsulat bilang mahalagang bahagi ng pagkatuto. Hindi lamang ito simpleng pagbuo ng mga pangungusap, kundi proseso ng pag-iisip, pag-oorganisa ng ideya, at malinaw na pagpapahayag. Mahalaga ito sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Senior High School, lalo na sa pagpapakita ng kritikal at malikhaing pag-iisip.

Kaugnay nito, sinusuportahan ng Sustainable Development Goal (SDG) 4 at iba't ibang patakaran ng Department of Education, tulad ng DepEd Order No. 21, s. 2019 at DepEd Order No. 8, s. 2015, ang pagpapalakas ng literasiya at epektibong pagtuturo ng pagsulat. Gayunpaman, ipinapakita ng ulat ng EDCOM II na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat dahil sa kakulangan sa bokabularyo, wastong gramatika, at organisasyon ng ideya.

Sa konteksto ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Mataas na Paaralang Pang-Antas Senior sa Timog, mahalagang suriin ang kanilang kasanayan sa pormal at di-pormal na pagsulat, pati na ang paggamit ng wika at pagbuo ng talata. Binibigyang-diin ng DepEd Order No. 42, s. 2016 ang pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, kaya mahalagang tuklasin ang mga epektibong pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat at malampasan ang mga umiiral na hamon.

Layunin ng pag-aaral na masagot ang mga pangunahing katanungan:

1. Ano ang antas kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 11 batay sa sumusunod na baryabol;
   1.1 Kasanayang Pampag-iisip;at
   1.2 Kasanayang sa pagbuo ng talata;
   1.3 Kasanayan sa paggamit ng wika at gramatika?
2. Paano ilalarawan ang kasanayan sa pagsulat ng kathang pormal at di pormal ng mga mag-aaral ayon sa:
   2.1 Paggamit ng wastong gramatika at balarila;
   2.2 Paggamit ng tamang estruktura; at
   2.3 Paggamit ng angkop na ideya at emosyon sa sulatin?

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

3. Gaano kaepektibo ang paggamit ng pormal at di pormal na pamamaraan sa pagpapaunlad sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral batay sa:
   3.1 Nilalaman ng akademikong sulatin;
   3.2 Paggamit ng wika at gramatika;
   3.3 Organisasyon at daloy ng kaisipan; at
   3.4 Paghubog ng kritikal na pag-iisip?
4. Ano ang mga balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapaunlad sa akademikong pagsulat ayon sa:
   4.1 Tamang paggamit ng mga salita;
   4.2 Paggamit ng tamang bantas; at
   4.3 Tamang paghahati ng mga salita?
5. Ayon sa resulta ng saliksik, anong mga malmumungkahing gawain upang mapaunlad ang paggamit ng mga pamamaraan sa pagsulat?

**Methodology/Metodolohiya**

**Research Design/Disenyo ng Pananaliksik**

Upang maisakatuparan ang mga layuning ito, ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nilalayon nitong ilarawan at suriin ang kasalukuyang kalagayan ng kasanayan sa pagsulat at ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan nang hindi minamanipula ang anumang baryabol. Hindi rin ito naglalayong magbigay ng eksperimental na interbensyon, kundi sa halip ay tumutok sa pagkuha ng datos batay sa aktuwal na karanasan at pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang kapaligirang pang-edukasyon. Sa pamamagitan ng deskriptibong disenyo, nagkakaroon ng malinaw at sistematikong paglalarawan sa antas ng kasanayan sa pagsulat at sa mga salik na nakaaapekto rito.

**Participants/Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng pagsulat ng tatlumpong (30) mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Mataas na Paaralang Pang Antas Senior sa Timog, Lungsod ng Batangas sa Taong Panuruan 2025–2026. Partikular nitong tinutukoy ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa kasanayang

Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

pampag-iisip, pagbuo ng talata, at paggamit ng wika at gramatika. Gayundin, sinusuri nito ang kasanayan sa pagsulat ng kathang pormal at di-pormal, ang bisa ng mga pamamaraang ginagamit sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat, at ang mga balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral sa prosesong ito. Sa huli, layunin din ng pag-aaral na makabuo ng mga mungkahing gawain upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat.

**Research Instrument/Instrumento ng Pananaliksik**

Isang sariling-gawang talatanungan (researcher-made questionnaire) ang ginamit bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang talatanungan ay inayos batay sa mga baryabol na nakasaad sa Suliranin ng Pag-aaral. Ang unang bahagi ay nakatuon sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa kasanayang pampag-iisip, pagbuo ng talata, at paggamit ng wika at gramatika. Ang ikalawang bahagi ay tumutukoy sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal at di-pormal na pagsulat, partikular sa wastong paggamit ng gramatika, estruktura, at angkop na ideya at emosyon. Ang ikatlong bahagi ay nakatuon sa bisa ng mga pamamaraang ginagamit sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat, habang ang ikaapat na bahagi ay naglalayong tukuyin ang mga balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral. Ang huling bahagi naman ay nagsisilbing batayan sa pagbuo ng mga mungkahing gawain para sa pagpapabuti ng pagsulat.

Ang paggamit ng talatanungan ay nagbibigay-daan upang makalikom ng parehong deskriptibo at kwantitatibong datos mula sa mas maraming kalahok sa loob ng limitadong panahon. Dahil ang pagsulat ay may kinalaman sa karanasan, kakayahan, at persepsyon
ng mga mag-aaral, ang ganitong paraan ay angkop upang makuha ang kanilang aktuwal na pananaw at karanasan sa pagsulat.

**Data Collection Procedure/Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan sa mga napiling kalahok. Bago ito isinagawa, humingi muna ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan at ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral. Ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo, at siniguro ang pagiging kompidensiyal ng kanilang mga sagot. Matapos makalap ang mga datos, isinagawa ang organisasyon at pagsasaayos ng mga ito upang maging handa sa pagsusuri.

**Data Analysis/Pagsusuri ng Datos**

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mga simpleng istatistikal na pamamaraan tulad ng frequency count, porsyento, at mean upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagsulat, bisa ng mga pamamaraan, at mga karaniwang balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, natukoy ang mga pattern at ugnayan ng mga baryabol na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga mungkahing gawain para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.

**Results/Resulta**

**1. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Kasanayang Pampag-iisip**

Ipinapakita ng datos na may malakas na kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbuo at pagproseso ng ideya, lalo na sa pagbibigay ng malinaw na paliwanag sa paksa (WM = 3.50) at lohikal na pagpapaliwanag (WM = 3.38). Mataas din ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip (WM = 3.37), na nagpapahiwatig na mahusay nilang naiuugnay ang kanilang pag-iisip sa aktuwal na pagsulat.

Gayunpaman, bahagyang mababa ang resulta sa pagbubuo ng buod (WM = 3.16), pagpapalawak ng ideya (WM = 3.18), at pag-uugnay ng karanasan sa sulatin (WM = 3.20). Ipinahihiwatig nito na may pangangailangan pa sa mas malalim na elaborasyon at mas epektibong paggamit ng personal na karanasan sa kanilang sulatin. Maaaring dahil ito sa kakulangan sa metakognitibong pagsasanay, na mahalaga sa mas malalim na pag-unawa.

Sa kabuuan, malinaw na may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa pag-iisip at organisasyon ng ideya, ngunit kailangan pa ng patuloy na pagsasanay at angkop na estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbubuod, pag-uugnay, at pagpapalawak ng kaisipan.

**2. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Kasanayan sa Pagbuo ng Talata**

Ipinakita ng resulta na may kakayahan ang mga mag-aaral na magsimula ng talata at mapanatili ang pokus at kohesyon ng kanilang sulatin, lalo na sa pagbuo ng malinaw na pambungad (WM = 3.30). Gayunpaman, may hamon pa sila sa pag-uugnay ng pangungusap (WM = 3.00), paglalagay ng sapat na detalye, at malinaw na pagtatapos, na nagpapakitang kailangan pa nilang paunlarin ang organisasyon ng ideya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Ipinapahiwatig din ng mga pag-aaral na ang kahinaan sa organisasyon ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng mga estratehiyang tulad ng information mapping at reflective writing, na nakatutulong sa mas malinaw na pag-aayos ng kaisipan. Sa kabuuan, may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa pagbuo ng talata ngunit kailangan pa ng higit na pagsasanay upang mapalakas ang ugnayan ng mga ideya at lalim ng nilalaman.

**3. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Kasanayan sa Paggamit ng Wika at Gramatika**

Ipinakita ng resulta na matibay ang pundasyon ng mga mag-aaral sa mekaniks ng pagsulat, lalo na sa tamang pagbabaybay (WM = 3.54), wastong gramatika (WM = 3.46), at malinaw na kaayusan ng pahayag (WM = 3.44). Ipinapakita nito na nagagawa nilang bumuo ng maayos at organisadong pangungusap, na umaayon sa pananaw ng ilang pag-aaral na mahalagang salik ang mekaniks at gramatika sa malinaw na pagpapahayag ng ideya.

Gayunpaman, mas mababa ang resulta sa mas mataas na aspekto ng paggamit ng wika, tulad ng pagpili ng angkop na salita (WM = 3.04), pag-iwas sa maling gamit (WM = 3.06), at pagpapanatili ng wastong tono (WM = 3.08). Ipinahihiwatig nito na kailangan pa ng karagdagang pagsasanay upang malinang ang estilo at mas malalim na kahusayan sa wika. Ang paggamit ng estratehiyang tulad ng information mapping, reflective writing, at kontekstuwal na pagtuturo ay makatutulong upang higit pang mapabuti ang kanilang paggamit ng wika at masubaybayan ang pag-unlad sa pagsulat.

**4. Kasanayan sa Pormal at Di-Pormal na Pagsulat Batay sa Kasanayan sa Paggamit ng Wika at Gramatika**

Ipinakita ng resulta na mahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, lalo na sa wastong balarila (WM = 3.84), pag-aangkop ng wika sa uri ng sulatin (WM = 3.76), at paggamit ng angkop na ekspresyon (WM = 3.75). Ipinahihiwatig nito na nagagawa nilang isaayos ang kanilang estilo ayon sa layunin ng sulatin, na umaayon sa pananaw ng mga pag-aaral na ang malinaw na estruktura at wastong gamit ng wika ay mahalaga sa akademikong pagsulat.

Gayunpaman, makikita na mas mababa ang marka sa ilang aspekto tulad ng paggamit ng wastong tono (WM = 3.34), pang-ugnay (WM = 3.36), at consistency sa wika (WM = 3.38). Ipinahihiwatig nito na bagama’t matatag ang kanilang pundasyon, kailangan pa nila ng dagdag

na pagsasanay upang maging tuloy-tuloy at mas angkop ang daloy ng ideya. Ang paggamit ng mga estratehiyang tulad ng reflective writing, sistematikong pag-oorganisa ng ideya, at paggamit ng makabagong plataporma sa pagsulat ay makatutulong upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat.

5. **Kasanayan sa Pormal at Di-Pormal na Pagsulat Batay sa Paggamit ng Tamang Estruktura**

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal at di-pormal na pagsulat batay sa paggamit ng tamang estruktura, kung saan ang composite mean na 3.45 ay may interpretasyong “Madalas na Naipapakita.” Ipinahihiwatig nito na bagama’t nakikita na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng kanilang sulatin, hindi pa ito ganap na napapanday sa mas mataas na antas. Nanguna sa ranggo ang “naiaayos ang bahagi ng sulatin nang sistematiko” (WM = 3.60) at sinundan ng “naipapakita ang pagkakaugnay-ugnay ng bahagi ng teksto” (WM = 3.54), na kapwa may interpretasyong “Lubos na Naipapakita.” Ipinapakita nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na bumuo ng kabuuang balangkas ng kanilang sulatin at maiugnay ang bawat bahagi nito. Ang ganitong resulta ay umaayon sa pananaw nina Kibir (2019) at Rahman at Ekkayokkaya (2024) na ang pormal na pagsulat ay nangangailangan ng malinaw na estruktura at organisasyon upang maging epektibo ang pagpapahayag.

**6. Kasanayan sa Pormal at Di-Pormal na Pagsulat Batay sa Paggamit ng Angkop na Ideya at Emosyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal at di-pormal na pagsulat batay sa paggamit ng angkop na ideya at emosyon, kung saan ang kabuuang composite mean na 3.52 ay may interpretasyong “Lubos na Naipapakita.” Ipinahihiwatig nito na nagagawa ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang saloobin at

ideya sa paraang makabuluhan at may lalim, kaya’t nagiging mas buhay at makahulugan ang kanilang mga sulatin. Nanguna sa ranggo ang “naipapahayag ang damdamin sa sulatin” (WM = 3.82), na nagpapakita na komportable ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang emosyon sa pamamagitan ng pagsulat.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**7. Bisa ng Pormal at Di-Pormal na Pamamaraan Batay sa Nilalaman ng Akademikong Sulatin**

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang bisa ng pormal at di-pormal na pamamaraan batay sa nilalaman ng akademikong sulatin, kung saan ang composite mean na 3.70 ay may interpretasyong "Lubos na Epektibo." Ipinahihiwatig nito na ang pinagsamang paggamit ng dalawang anyo ng pagsulat ay may malinaw na ambag sa pagpapalalim ng ideya at pag-unawa ng mga mag-aaral. Nanguna sa ranggo ang "nakapagpapalinaw ng konsepto ang gawain" (WM = 3.96), kasunod ang "nakapagpapalawak ng ideya ang mga gawain" (WM = 3.94) at "nakapagpapalinang ng ideya ang aktibidad" (WM = 3.88), na nagpapakita na ang mga gawain sa pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa simpleng produksyon ng teksto kundi sa paghubog ng mas malalim na pag-iisip.

**8. Bisa ng Pormal at Di-Pormal na Pamamaraan Batay sa Paggamit ng Wika at Gramatika**

Ipinakikita sa Talahanayan 8 ang bisa ng pormal at di-pormal na pamamaraan batay sa paggamit ng wika at gramatika, kung saan ang composite mean na 3.59 ay may interpretasyong "Lubos na Epektibo." Ipinahihiwatig nito na ang pinagsamang paggamit ng dalawang anyo ng pagsulat ay may mahalagang ambag sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wika.

**9. Bisa ng Pormal at Di-Pormal na Pamamaraan Batay sa Organisasyon at Daloy ng Kaisipan**

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang bisa ng pormal at di-pormal na pamamaraan batay sa organisasyon at daloy ng kaisipan, kung saan ang composite mean na 3.55 ay may interpretasyong "Lubos na Epektibo." Ipinahihiwatig nito na ang pinagsamang paggamit ng dalawang anyo ng pagsulat ay nakatutulong nang malaki sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa maayos na pag-aayos at pag-uugnay ng kanilang mga ideya. Nanguna sa ranggo ang "nakapag-aayos ng ideya ang gawain" (WM = 3.84), na sinundan ng "nakapagpapabuti ng daloy ng teksto ang gawain" (WM = 3.78) at "nakapagpapalinang ng organisasyon ang pagsasanay" (WM = 3.62), na nagpapakita na ang mga gawaing nakatuon sa proseso ng pagsulat ay epektibong nakapagpapahusay sa lohikal na daloy at pagkakaayos ng kaisipan. Ang ganitong

resulta ay umaayon sa pahayag nina Kibir (2019) at Rahman at Ekkayokkaya (2024) na ang malinaw na estruktura at sistematikong organisasyon ay mahalagang sangkap ng akademikong pagsulat.

**10. Bisa ng Pormal at Di-Pormal na Pamamaraan Batay sa Paghubog ng Kritikal na Pag-iisip**

Ipinakikita sa Talahanayan 10 ang bisa ng pormal at di-pormal na pamamaraan batay sa paghubog ng kritikal na pag-iisip, kung saan ang composite mean na 3.64 ay may interpretasyong "Lubos na Epektibo." Ipinahihiwatig nito na ang kombinasyon ng dalawang anyo ng pagsulat ay nakatutulong hindi lamang sa teknikal na aspeto ng pagsulat kundi pati na rin sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Nanguna sa ranggo ang "nakapagpapalalim ng pag-iisip ang gawain" (WM = 3.74), na sinundan ng "nakapagpapahusay ng pag-aanalisa ang gawain" (WM = 3.68), na nagpapakita na ang mga gawaing nakatuon sa pagsulat ay epektibong nagiging daan upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-unawa.

Ang ganitong resulta ay umaayon sa pananaw nina Rahman at Ekkayokkaya (2024) na ang kontekstwal na pagtuturo ay nakatutulong upang maiugnay ang pagkatuto sa aktuwal na karanasan, kaya't mas nagiging makabuluhan ang paglinang ng kaisipan. Mapapansin din na ang iba pang indikador tulad ng *"nakapagpapalawak ng pananaw," "nakapagpapalinang ng lohikal na pag-iisip,"* at *"nakapagpapataas ng antas ng pag-iisip"* ay pawang may mataas na marka at interpretasyong "Lubos na Epektibo," na nagpapakita na ang pagsulat ay nagsisilbing mabisang kasangkapan sa paghubog ng iba't ibang aspekto ng kritikal na pag-iisip.

11. **Mga Balakid na Kinakaharap ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng mga Pamamaraan sa Pagpapaunlad sa Akademikong Pagsulat**

Ipinakikita sa Talahanayan 11 ang mga balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat, kung saan ang composite mean na 3.47 ay may interpretasyong "Madalas na Nararanasan." Ipinahihiwatig nito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsulat, patuloy pa rin silang nakararanas ng mga suliraning

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

nakaaapekto sa kanilang pagganap. Nanguna sa ranggo ang *"nahihirapan sa paggamit ng salita"* (WM = 3.55), na sinundan ng *"nahihirapan sa pag-organisa ng ideya"* (WM = 3.53) at *"nahihirapan sa pagsisimula ng sulatin"* (WM = 3.50), na nagpapakita na ang pangunahing hamon ay nakatuon sa bokabularyo at organisasyon ng kaisipan.

Ang ganitong resulta ay umaayon sa pahayag nina Kibir (2019), Rahman at Ekkayokkaya (2024), at Garcia at Asuncion (2022) na ang kakulangan sa bokabularyo at kahinaan sa pagbuo ng ideya ay nagiging dahilan ng mababang kalidad ng sulatin ng mga mag-aaral.

Mapapansin din na ang mga suliranin tulad ng paggamit ng bantas, paghahati ng salita, at pagbuo ng talata ay pawang nasa antas na "Madalas na Nararanasan," na nagpapahiwatig na may mga kakulangan pa sa mekaniks ng pagsulat. Ipinakikita nito na hindi lamang sa pagbuo ng ideya nahihirapan ang mga mag-aaral kundi pati na rin sa teknikal na aspeto ng wika.

**Discussion/Pagtalakay**

Ayon kina Rahman at Ekkayokkaya (2024) at Amiang et al. (2024), ang kakulangan sa metakognitibong kasanayan ay maaaring magdulot ng kahirapan sa pagplano at pagrebisa ng sulatin, kaya't nagiging limitado ang kakayahan ng mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang gawa. Dahil dito, mahalaga ang paggamit ng mga estratehiyang magpapalalim sa kanilang pag-unawa sa proseso ng pagsulat.

Dagdag pa rito, ang kahirapan sa pagpapahayag ng kaisipan at pagpili ng tamang salita ay nagpapakita na may kakulangan pa sa paglinang ng bokabularyo at sa kakayahang magpahayag nang malinaw. Ayon kina Estera et al. (2023), ang paggamit ng mga digital na plataporma tulad ng Wattpad ay maaaring makatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay sa pagsulat, habang binigyang-diin naman nina Macías at Dack (2023) na ang reflective writing ay nakatutulong upang maging mas mulat ang mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng wika. Gayunpaman, binanggit ni Galit (2022) na mahalagang isaalang-alang ang usapin ng akademikong integridad sa paggamit ng mga ganitong plataporma.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga balakid sa pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa isang aspeto kundi sumasaklaw sa bokabularyo, organisasyon, at mekaniks ng wika. Bagama't madalas na nararanasan ang mga ito, maaari pa rin itong matugunan sa pamamagitan ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

paggamit ng angkop na interbensyon tulad ng Information Mapping Method (Peña, 2023), multimedia-based strategies (Porlas, 2023), at kontekstwal na pagtuturo (Rahman at Ekkayokkaya, 2024), upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

**Conclusion/Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

1. Ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ay nasa mataas na antas sa kabuuan, partikular sa kasanayang pampag-iisip, pagbuo ng talata, at paggamit ng wika at gramatika.

2. Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal at di-pormal na pagsulat ay lubos na naipapakita sa kabuuan, lalo na sa paggamit ng wastong gramatika at balarila at sa paggamit ng angkop na ideya at emosyon. Gayunpaman, ang paggamit ng tamang estruktura ay madalas lamang na naipapakita, na nagpapakita na may pangangailangan pa sa higit na pagpapalakas ng organisasyon at lohikal na daloy ng sulatin.

3. Sa aspekto ng bisa ng pormal at di-pormal na pamamaraan, lumabas na lubos na epektibo ang mga ito sa nilalaman ng akademikong sulatin, paggamit ng wika at gramatika, organisasyon at daloy ng kaisipan, at paghubog ng kritikal na pag-iisip.

4. Ang pangunahing mga balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat ay ang hirap sa paggamit ng salita, pag-organisa ng ideya, at pagsisimula ng sulatin.

5. Bilang tugon sa mga natukoy na kalakasan at kahinaan, limang malmumungkahing gawain ang inihain upang mapaunlad ang paggamit ng mga pamamaraan sa pagsulat, at ang mga ito ay ang Pagpapalawak ng Kaisipan sa Pagsulat, Pagsasanay sa Maayos na Pagbuo ng Talata, Pagsasanay sa Wastong Wika at Bantas, Malayang Pagsulat at Repleksyon, at Gabay sa Pagsisimula ng Sulatin. Batay sa pag-aaral iminumungkahi ang sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Dahil lumabas na mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ngunit may pangangailangan pa sa pagpapalalim ng ideya, maaaring ipatupad ng guro ang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Pagpapalawak ng Kaisipan sa Pagsulat upang higit na malinang ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng detalye, halimbawa, at makabuluhang paliwanag sa kanilang mga sulatin.

2. Sapagkat ang paggamit ng tamang estruktura ay madalas lamang na naipapakita, maaaring isagawa ang Pagsasanay sa Maayos na Pagbuo ng Talata upang higit na mapahusay ang organisasyon ng kaisipan, pagkakaugnay ng mga pangungusap, at malinaw na daloy ng ideya sa kabuuan ng sulatin.

3. Bilang tugon sa mga kahinaang may kaugnayan sa bokabularyo, paggamit ng salita, at mekaniks ng pagsulat, maaaring gamitin ang Pagsasanay sa Wastong Wika at Bantas upang mapalakas
ang kanilang kasanayan sa gramatika, tamang bantas, at angkop na pagpili ng mga salita sa akademikong sulatin.

4. Dahil napatunayang epektibo ang pinagsamang paggamit ng pormal at di-pormal na pamamaraan, maaaring ipagpatuloy at palawakin ang Malayang Pagsulat at Repleksyon upang mabigyan ang mga mag-aaral ng mas maraming pagkakataong maipahayag ang kanilang saloobin at karanasan, at mula rito ay maihubog ang mas organisado at pormal na pagsulat.

5. Sapagkat isa sa pangunahing balakid ang hirap sa pagsisimula ng sulatin, maaaring ilunsad ang Gabay sa Pagsisimula ng Sulatin upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng malinaw na panimula, direksyon, at kumpiyansa sa pagbuo ng kanilang sanaysay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

## References

**Mga Aklat**

Amiang, M. E. A. D., Matell, M.-F., & Rolida, D. M. (2024). Metakognitibong pagbasa at pagtuturo ng Filipino. EPRA International Journal Publishing.

Aquino, G. V. (2020). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Rex Book Store.

Bernales, R. A., Atienza, G. A., & Lourdes, M. R. (2020). Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pananaliksik. Rex Book Store.

Catacutan, M. R., & Espiritu, M. L. (2021). Akademikong pagsulat sa Filipino. C & E Publishing, Inc.

Department of Education. (2020). Filipino sa piling larang (Akademik) – Senior High School learner's module. DepEd.

Lumbera, B. (2021). Pagsulat sa Filipino: Teorya at praktika. University of the Philippines Press.

Pineda, P. B. P. (2020). Sining ng komunikasyon para sa mataas na paaralan. Rex Book Store.

Rapi, H., & Oyon-Oyon, J. (2024). Basa-hasa: Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng kasanayan sa pagbasa. International Journal of Research Studies in Education.

Santiago, A. O., & Tiangco, N. G. (2021). Makrong kasanayan sa komunikasyon. Rex Book Store.

Villafuerte, P. V. (2022). Pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Lorimar Publishing, Inc.

**B. Di- Nailathalang Materyales**

Abao, E. L. (2021). Kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng interbensyon (Master's thesis). Cebu Technological University.

Alonzo, M. R. (2022). Epekto ng mga estratehiya sa pagtuturo sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School (Master's thesis). Laguna State Polytechnic University.

Bautista, J. P. (2020). Pagsusuri sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 11 (Master's thesis). Batangas State University.

Cruz, A. D. (2023). Antas ng kasanayan sa pagsulat ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral sa Senior High School (Master's thesis). Polytechnic University of the Philippines.

De Guzman, K. L. (2021). Mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino sa Senior High School (Master's thesis). Bulacan State University.

Garcia, R. T. (2022). Balakid sa pagsulat ng akademikong teksto ng mga mag-aaral at angkop na interbensyon (Doctoral dissertation). Philippine Normal University.

Gutierrez, M. J. (2023). Technology-driven teaching of Grade 10 English in Balete Integrated School (Undergraduate thesis). Golden Gate Colleges.

Labrador, K. M. (2024). Paggamit ng pormal at di-pormal na pamamaraan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School (Undergraduate thesis). Golden Gate Colleges.

Lopez, S. M. (2024). Paggamit ng pormal at di-pormal na pagsulat sa pagpapaunlad ng kasanayan sa akademikong Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School (Master's thesis). University of the Philippines Diliman.

Mendoza, P. C. (2020). Pagsusuri sa paggamit ng gramatika at estruktura sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School (Master's thesis). Tarlac State University

Ramos, D. A. (2023). Epektibidad ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa Senior High School (Master's thesis). Bicol University.

Santos, L. B. (2021). Kritikal na pag-iisip at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Senior High School (Master's thesis). Nueva Ecija University of Science and Technology.

Torres, A. P. (2022). Antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng interbensyon (Undergraduate thesis). Golden Gate Colleges.

**C. Dyornals/ Magasins/ Peryodiko**

Amiang, M.-E. A. D., Matell, M.-F., & Rolida, D. M. (2024). Karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino: Isang penomenolohiyang pag-aaral. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 556–563. https://doi.org/10.36713/epra16298

Chen, Y., Li, M., Huang, C., Han, Z., Hwang, G.-J., & Yang, G. (2022). Promoting deep writing with immersive technologies: An SVVR-supported Chinese composition writing approach for

primary schools. British Journal of Educational Technology, 53(6), 2071–2091. https://doi.org/10.1111/bjet.13247

Estera, J. E., Ladines, R., Edma, K., & Lustestica, E. (2023). Potensyal na gamit ng Wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino. International Journal of Research Studies in Education, 12(2). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.10

Galit, G. (2022). E-cheat: Pagsiyasat sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn sa panahon ng pandemya. International Journal of Research Studies in Education, 11(15). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b027

Garcia, R. G., & Asuncion, Z. (2022). Remediating the writing performance of struggling writers through a self-regulated strategy development approach. Southeast Asia Language Teaching and Learning (SALTEL) Journal, 5(1), 23–30. https://doi.org/10.35307/saltel.v5i1.80

Kibir, C. C. (2019). Pagtatasa sa kinalabasan ng performance sa Assessment of Standards and Skills (PASS) ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 ng Junior High School, Pamantasan ng Bohol. AUB Graduate School and Professional Studies, 15(1), 98–128. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.146

Lamatan, M. C. U., & Lamatan, J. R. U. (2024). Paggalugad sa karanasan ng education earners sa pagkuha ng board examination: A multiple case study. International Journal for Multidisciplinary Research, 6(6). https://doi.org/10.36948/ijfmr.2024.v06i06.29571

Macías, A. G. D., & Dack, T. F. (2023). The impact of reflective journals on the writing skills of EFL sophomore students. Runas Journal of Education and Culture, 4(7), e230100. https://doi.org/10.46652/runas.v4i7.100

Masinadiong, D. M. M., & Pines, V. A. (2024). Isang diskursong pagsusuri sa antas ng wika na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang isinulat na spoken word poetry. EPRA International Journal of Research & Development, 152–164. https://doi.org/10.36713/epra16486

Peña, H.-K. D. (2023). Information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa baitang 8. International Journal of Research Studies in Education, 12(8). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.72

Porlas, A. A. (2023). Natatanging gawain sa makrong kasanayan sa pagsulat. International Journal of Research Studies in Education, 12(2). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.30

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Rahman, A. N. I., & Ekkayokkaya, M. (2024). The use of contextual teaching and learning approach on students' analytical exposition writing skills. Indonesian Journal of Applied Linguistics, 13(3), 455–467. https://doi.org/10.17509/ijal.v13i3.66955
Rapi, H., & Oyon-Oyon, J. (2024). Basa-hasa: Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng antas ng kasanayan sa pagbasa. International Journal of Research Studies in Education, 13(5). https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24033

**D. Mga Legal na Dokumento**

Commission on Higher Education. (2023). CHED Memorandum Order No. 20, s. 2023: Policies, standards, and guidelines for teacher education programs. https://ched.gov.ph
Department of Education. (2020). DepEd Order No. 012, s. 2020: Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP). https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2022). DepEd Order No. 021, s. 2022: School calendar and activities for School Year 2022–2023. https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2023). DepEd Order No. 008, s. 2023: Multi-year implementing guidelines on the school calendar and activities. https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2023). DepEd Memorandum No. 054, s. 2023: National learning camp (NLC) implementation. https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2024). DepEd Order No. 007, s. 2024: Policy guidelines on the implementation of the revised school-based management (SBM) system. https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2025). DepEd Memorandum No. 048, s. 2025: Pilot implementation of the strengthened Senior High School curriculum. https://www.deped.gov.ph
Department of Education. (2026). DepEd Memorandum No. 012, s. 2026: Full implementation of the strengthened Senior High School curriculum. https://www.deped.gov.ph
EDCOM II. (2023). Second Congressional Commission on Education report: Fixing the foundations of basic education. https://edcom2.gov.ph
United Nations. (2020). Transforming our world: The 2030 agenda for sustainable development. https://sdgs.un.org.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**E. Elektronikong Sanggunian**

Department of Education. (2020). Filipino sa piling larang (Akademik): Senior High School learner’s module. https://commons.deped.gov.ph

Department of Education. (2022). Most essential learning competencies (MELCs) for Filipino (Senior High School). https://www.deped.gov.ph